# Paano Malalaman kung ang iyong Pandarayuhang Visa ay Maaari nang Makuha

Ito ang mga hakbang upang matukoy kung ang prayoridad na petsa ng iyong pandarayuhang visa ay “kasalukuyan”, ibig sabihin kung ang iyong pandarayuhang visa ay maaari nang makuha. **Responsibilidad mo na subaybayan kung kailan mo maaaring makuha ang iyong pandarayuhang visa.** Kung ang iyong pandarayuhang visa ay maaari nang makuha at ang panahon ng iyong parol ay hindi pa natatapos, maaari kang maging karapat-dapat na mag-apply para sa Green Card (Ligal na Permanenteng Paninirahan):

1. **Tukuyin and iyong Prayoridad na Petsa.** Ito ang petsa na ang iyong aprubadong Form I-130 ay naitala. Ang petsang ito ay lumilitaw sa Form I-797 na inilabas ng USCIS sa iyong petisyoner sa panahon na naaprubahan ang Form I-130 (tingnan sa “Petsa ng Pagkatanggap”).

2. **Tukuyin kung aling Preference Category ka kabilang base sa kahulugan.** Ito ang ugnayan sa pag-itan ng iyong petisyoner ng Form I-130 at sa iyo. Halimbawa, kung mayroon kang ina na mamamayan ng U.S. na nagpasa ng Form I-130 para sa iyo, bilang anak niya na 19 taong gulang, ikaw ay kabilang sa “F1 Preference Category”.

| Kategorya ng | Kahulugan ng Kategorya |
|---|---|
| F1 | Mga hindi pa kasal na anak na babae o lalaki ng mga mamamayan ng U.S., mga anak nilang menor de edad, kung |
| F2A | Mga asawa at anak ng mga LPR na edad 21 pababa |
| F2B | Mga anak ng mga LPR na lalaki at babae na hindi pa kasal (edad 21 o pataas) |

| Kategorya ng | Kahulugan ng Kategorya |
|---|---|
| F3 | Mga anak ng mamamayan ng U.S. na babae at lalaki na kasal na, mga asawa nila at menor de edad na mga anak |
| F4 | Mga kapatid ng mamamayan ng U.S., kanilang mga asawa at menor de edad na mga anak, kung ang edad ng mamamayan ng U.S. ay hindi bababa sa 21 |

3. **Buksan ang Visa Bulletin.** Buksan ang Kagawaran ng Estado visa bulletin sa https://travel.state.gov/content/travel/en/legal/visa-law0/visa-bulletin.html . I-click ang buwan ng “Current Visa Bulletin”.

4. **Hanapin ang iyong Talaan.** Matapos i-click ang buwan, hanapin ang chart, “**Final Action Dates for Family-Sponsored Adjustments of Status Applications**”. (Maliban na lamang kung ipinakita sa https://www.uscis.gov/visabulletininfo, dapat mong gamitin ang chart na “Final Action Dates for Family-Sponsored Adjustments of Status Applications”. Kung hindi gayon, ang iyong gagamitin ay ang chart ng “**Dates for Filing for Family-Sponsored Adjustment of Status Applications**”.)

5. **Hanapin ang petsa para sa iyong “Family-Sponsored Preference Category”.** Sa loob ng chart, hanapin ang iyong Preference Category (F1, F2A, F2B, F3, F4) at ang katumbas na petsa sa ilalim ng “Philippines”.

6. **Ikumpara itong petsa sa iyong Prayoridad na Petsa.** Kung ang iyong Prayoridad na Petsa ay mas una sa petsa sa bulletin chart, ang iyong pandarayuhang visa ay maaari mo nang makuha. Maari kang mag-apply ng Green Card sa pamamagitan ng pagpasa ng Form I-485.

Halimbawa, kung ang iyong I-130 ay naaprubahan dahil ay ikaw ay asawa ng LPR, kung gayon ang iyong Preference Category ay F2A at sasangguni ka sa petsa sa ilalim ng kolumna na tinatawag na “Philippines”. Tingnan ang itim na kahon.

| Family-Sponsored | All Chargeability Areas Except Those Listed | CHINA-mainland born | INDIA | MEXICO | PHILIPPINES |
|---|---|---|---|---|---|
| F1 | | | | | |
| F2A | | | | | |
| F2B | | | | | |
| F3 | | | | | |
| F4 | | | | | |

Kung ang iyong Prayoridad na Petsa ay pagkatapos ng petsa sa bulletin, kung gayon ang iyong pandarayuhang visa ay wala pa at hindi ka pa karapat-dapat na mag-apply para sa Green Card. Patuloy na magsuri palagi online upang malaman kung kailan ka maaaring mag-apply para sa Green Card. Ang mga petsa sa talangguhit ay nagbabago kada buwa.